**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-22 NG DISYEMBRE, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco.................. | Kagawad |
| Kgg. Ariel I. Magcalas................. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon.................. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo R. Ramirez................ | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Leon.................. | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas.................. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............... | Kagawad |

DI DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villasenor.......... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 270-T'97

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGDARAGDAG NG HALAGA SA REPRESENTATION ALLOWANCE AT TRAVELLING ALLOWANCE (RATA) NA TINATANGGAP NI DR. MILO B. PEMPENGCO UPANG MAITUGMA ANG KAUKULANG HALAGANG TINATANGGAP BAWA'T BUWAN NG MGA PINUNO NG TANGGAPAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

**SAPAGKA'T,** may kahilingan si Dr. Milo B. Pempengco na maipantay sa mga Pinuno ng Tanggapan ng Pamahalaang Bayan ang halaga ng RATA na kanyang tinatanggap bawa't buwan;

**SAPAGKA'T,** sa kasalukuyan, siya ay tumatanggap lamang ng RATA sa halagang P2,200.00 bawa't buwan mula sa Pamahalaang Nasyunal;

**SAPAGKA'T,** si Dr. Milo B. Pempengco ay naglilingkuran sa bayang ito bilang Pinuno ng Kalusugan - Rural Health Unit II;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Miguel M. Asinas, at Celestino D. Pamatmat at sa pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang pagdaragdag ng halaga ng Representation Allowance at Travelling Allowance (RATA) na tinatanggap ni Dr. Milo B. Pempengco upang mapantayan ang kaukulang halagang tinatanggap bawa't buwan ng mga Pinuno ng Tanggapan ng Pamahalaang Bayan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Sandicho
JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sanggunians Bayan

NAGPATUTOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan Tagapangulo

PINAGTIBAY: ENRIC[redacted]UTISTA
Punong Bayan

384